Tagalog

Ang Pagiging Baby Friendly
Being Baby Friendly

Naririto kami upang tulungan kang malaman …

- Kung ano ang dapat isaalang-alang kapag nagpapasiya tungkol sa pinakamainam na paraan ng pagpapasuso sa iyong sanggol.
- Kung paano nakakatulong sa iyo at sa iyong sanggol ang ligtas na skin-to-skin contact habang nagpapasuso at kapag binabakunahan ang sanggol, halimbawa.
- Kung paano bigyang-ginhawa ang iyong sanggol sa pamamagitan ng ligtas na skin-to-skin contact, pag-ugoy, pakikipag-usap, at pagkanta sa kanya.
- Kung paano ipinahihiwatig sa iyo ng iyong anak na siya'y gutom o busog.
- Kung paano mo maibibigay sa iyong sanggol ang iyong gatas, kahit na magkahiwalay kayo, halimbawa, pag-express o pagpiga ng suso gamit ang kamay, paggamit ng pump, at kung paano pananatilihing ligtas ang gatas.
- Kung bakit mainam na ibigay sa iyong sanggol ang iyong gatas lamang sa unang 6 na buwan.
- Pagkatapos simulan ang solids sa bandang 6 na buwan, kung bakit mainam na ibigay ang iyong gatas nang karagdagang 2 taon o higit pa.
- Kung alin ang breastfeeding support groups at resources.
- Na mayroon kang karapatang pasusuin ang iyong sanggol sa mga pampublikong lugar, pati na kahit saan sa Fraser Health.

Nakikipagtulungan kami sa aming komunidad upang suportahan ang breastfeeding.

fraserhealth
Better health. Best in health care.

Sinusuportahan namin ang lahat ng mga ina at pamilya sa pagpapasuso ng kanilang mga sanggol at mga maliliit na anak sa pinakamalusog na paraan. Ang Baby Friendly ay isang global initiative ng World Health Organization at ng UNICEF.

Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa fraserhealth.ca – at mag-search para sa 'infant feeding' (pagpapasuso ng sanggol)

Catalogue 266079 (March 2019) Tagalog To order: patienteduc.fraserhealth.ca